SAN MATEO COUNTY HEALTH
PUBLIC HEALTH, POLICY & PLANNING

Dr. Scott Morrow, Health Officer
Cassius Lockett, PhD, Director

Public Health, Policy & Planning
225 37th Avenue
San Mateo, CA 94403
smchealth.org

# UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN NG COUNTY NG SAN MATEO PARA SA PAGKONTROL NG COVID-19 No. c19-7 NA NAG-UUTOS SA MGA INDIBIDWAL SA COUNTY NA MAY MGA MALAPITANG PAKIKISALAMUHA SA MGA INDIBIDWAL NA NADAYAGNOS NA MAY COVID-19 NA I-QUARANTINE ANG KANILANG SARILI

PETSA NG UTOS: Abril 6, 2020

**Mangyaring basahin nang mabuti ang Utos na ito. Ang paglabag sa o hindi pagsunod sa Utos na ito ay isang** misdemeanor na napaparusahan ng pagmumulta, pagkakakulong, o pareho. **Kalusugan at Kaligtasan ng California Alituntunin, § 120295, et seq.; Cal. Penal Code §§ 69, 148(a)(1).**

## BUOD NG UTOS

Ang California ay nasa Kalagayan ng Emerhensiya dahil sa Sakit ng Coronavirus 2019 ("COVID-19") na pandemya. Ang pagkalat ng novel coronavirus na nagdudulot ng COVID-19 ay isang malaking panganib sa kalusugan ng publiko sa loob ng County ng San Mateo ("County"). Ang COVID-19 ay madaling makalat sa pagitan ng mga tao na may malapitang pakikisalamuha sa isa't isa. Ang Utos na ito ay inilabas batay sa siyentipikong ebidensya at mga pinakamahusay na kasanayan na nalalaman sa kasalukuyan at magagamit para maprotektahan ang mga pinakamadaling maapektuhan na miyembro ng publiko mula sa maiiwasang panganib ng malubhang sakit o kamatayan na nagreresulta mula sa pagkalantad sa COVID-19. Ang edad, kondisyon, at kalusugan ng isang malaking bahagi ng populasyon ng County ay naglalagay nito sa panganib para sa malubhang mga komplikasyon sa kalusugan, kasama na ang kamatayan, mula sa COVID-19. May lumalaking ebidensya ng panganib ng transmisyon mula sa mga nahawaang tao bago ang paglitaw ng mga sintomas.
Kaya, lahat ng indibidwal na nagkasakit ng COVID-19, anupaman ang kanilang antas ng mga sintomas (wala, banayad o malubha), ay maaaring maglagay sa ibang pinakamadaling maapektuhang mga miyembro ng publiko sa malaking panganib. Sa kasalukuyan, walang partikular na paggamot para sa COVID-19 at walang bakuna na magagamot para maprotektahan laban sa transmisyon ng COVID-19.

Para tumulong sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19, maprotektahan ang pinakabulnerableng mga indibidwal, at maiwasan ang pagkapuspos ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa County, kinakailangan ng Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Mateo na iutos ang pag-quarantine sa mga taong nalantad sa isang taong nadayagnos ng COVID-19. Ang "Quarantine" ay naghihiwalay at naghihigpit sa pagkilos ng mga tao na, habang hindi pa nahawaan ng COVID-19, ay nalantad sa COVID-19 at samakatuwid ay maaaring nakahahawa. Ang Utos na ito ay tumutugon sa mga kinakailangan sa pag-quarantine. Ang "Paghihiwalay" ay tumutukoy sa paghihiwalay ng mga taong nahawaan ng COVID-19 mula sa mga tao. Ang Utos ng Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Mateo Blg. c19-6 ay naglalaman ng mga kinakailangan sa paghihiwalay.
**SA ILALIM NG AWTORIDAD NG MGA SEKSYON 101040; 101085; 120130; AT 120175 NG ALITUNTUNIN NG PANGKALUSUGAN AT PANGKALIGTASAN NG CALIFORNIA, ANG OPISYAL NG KALUSUGAN NG COUNTY NG SAN MATEO ("OPISYAL NG KALUSUGAN") AY NAG-UUTOS NA:**

**1. Ang lahat ng mga indibidwal na mga malapitang nakasalamuha, tulad ng inilarawan sa Seksyon 2 ng Utos na ito, ay dapat i-**

COUNTY OF SAN MATEO CALIFORNIA

**quarantine ang kanilang mga sarili at sundin ang lahat ng mga tagubilin sa Utos na ito at ang Pampublikong Kalusugan ng San Mateo ("Pampublikong Kalusugan") na gabay na mga dokumento ay tinutukoy sa Utos na ito. Ang sariling-pagquarantine ay kinakailangan dahil ang isang tao na may COVID-19 ay maaaring madaling maikalat ang virus sa ibang mga tao. Ang pagquarantine ay naghihiwalay sa may potensyal na nahawaang mga indibidwal mula sa ibang mga tao para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.**

2. **Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang isang malapitang nakasalamuha ay isang indibidwal na nagkaroon ng malapitang pisikal na distansya sa isang indibidwal na may COVID-19 sa matagal na panahon sa panahon ng pagiging nakahahawa ng isang indibidwal. Halimbawa, ang mga indibidwal na:**
   a. **Nakatira sa o nanatili ng buong araw sa tirahan ng indibidwal; o**
   b. **Kapares sa pagtatalik ng indibidwal; o**
   c. **Nagbibigay o nagbigay ng pangangalaga sa indibidwal na hindi nagsusuot ng maskara, gown, at mga guwantes.**

3. **Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang panahon ng pagiging nakahahawa ng isang indibidwal ay nagsisimula sa 48 oras bago ang kanilang mga sintomas ay nagsimula (o, sa kawalan ng mga sintomas, sa petsa ng isang positibong pagsusuri) at nagtatapos kapag sila ay pinalabas mula sa pagkakahiwalay.**

4. Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang isang indibidwal na may COVID-19 na walang akses sa isang tahanan o tirahan para sa layunin ng paghihiwalay ay hindi ituturing na paglabag ng Utos na ito kung sa panahon ng pag-abiso ng pagiging isang malapitang nakasalamuha ng isa pang indibidwal na nagkaroon ng isang positibong COVID-19 na pagsusuri, at ang nasabing indibidwal ay kaagad na pinaalam sa Sangay ng Tirahan at Pag-aalaga ng County ng San Mateo na Sentro ng mga Operasyon ng Emerhensiy sa pamamagitan ng pagtawag sa 211 para ipagbigay alam ang kanilang malapitang pagkikisalamuha na kalagayan at humiling ng isang lokasyon ng quarantine, lubos na nakikipagtulungan sa mga kawani ng EOC, at sumusunod sa Utos na ito.

5. Ang Utos na ito ay inilabas alinsunod sa, at isinasama sa pamamagitan ng pagsangguni, ang Marso 4, 2020 na Proklamasyon ng isang Kalagayan ng Emerhensiya na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom, ang Marso 3, 2020 na Proklamasyon ng Direktor ng Pang-emerhensiyang mga Serbisyo na Nagpapahayag ng Umiiral na Lokal na Emerhensiya sa County, ang Marso 3, 2020 na Deklarasyon ng Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan Dahil sa Novel Coronavirus 2019 (COVID-19) na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan, ang Marso 10, 2020 na Resolusyon ng Lupon ng mga Tagapangasiwa ng County ng San Mateo na Nagpapatibay at Nagpapalawig sa Deklarasyon ng isang Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan, ang Marso 11, 2020 na Utos ng Opisyal ng Kalusugan Blg. C19-1 na naghihigpit sa mga bumibisita sa mga pasilidad ng skilled nursing, ang Marso 12, 2020 na Ehekutibong Utos ng Estado ng California N-25-20, ang Marso 13, 2020 na Utos ng Opisyal ng Kalusugan Blg. C19-3 na nag-uutos ng isang Utos sa Pagbabago sa mga Operasyon sa Paaralan, ang Marso 16, 2020 ng Utos ng Opisyal ng Kalusugan Blg. C19-5 na nag-uutos ng isang Kautusan sa Pananatili sa Loob ng Tahanan, at ang Marso 31, 2020 na Utos ng Opisyal ng Kalusugan Blg. C19-5b na nagpapalawig at nagbabago sa Kautusan sa Pananatili sa Loob ng Tahanan.

6. <u>Mga Tagubilin.</u> Ang lahat ng indibidwal na tumutugon sa depinisyon ng isang malapitang nakasalamuha sa isang indibidwal na nadayagnos na may COVID-19 ay dapat gawin kaagad ang mga sumusunod na aksyon:

a. I-quarantine ang kanilang mga sarili sa kanilang mga tahanan o sa ibang tirahan sa loob ng 14 na araw. Hindi sila maaaring umalis sa kanilang lugar ng pagquarantine o pumasok sa iba pang pampubliko o pribadong lugar, maliban kung tatanggap ng pangangalagang medikal o sa panahon ng isang emerhensiya na nangangailangan ng paglikas para maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng indibidwal.

b. Suriing mabuti at eksaktong sundin ang lahat ng mga kinakailangan na inilista sa "Mga Tagubilin para sa Pagquarantine sa Tahanan" www.smchealth.org/post/health-officer-statements-and-orders at ang nakalakip sa Utos na ito na Appendix A.

c. Kung ang isang na-quarantine na tao ay nillagnat, inubo, o kinapos ng hininga (kahit na ang kanilang mga sintomas ay napakabanayad), dapat nilang i-quarantine ang kanilang mga sarili sa bahay at malayo sa ibang mga tao at sundin ang "Mga Tagubilin para sa Paghihiwalay sa Tahanan," na nakapaskil sa www.smchealth.org/post/health-officer-statements-and-orders, at nakalakip bilang Appendix B. Ito ay dahil ang taong ito ay malamang na may COVID-19 at kung ganoon, ay maaaring maikalat ito sa pinakamadaling maapektuhang mga indibidwal. Kung ang isang medikal na propesyonal ay nag-eeksamen sa isang naka-quarantine na tao at natukoy na ang kanilang mga sintomas ay hindi dulot ng COVID-19, ang taong ito ay maaaring ihinto ang paghihiwalay sa tahanan ngunit dapat na ipagpatuloy ang pagsunod sa pagquarantine sa bahay na utos at mga tagubilin.

d. Kung ang isang naka-quarantine na tao ay nadayagnos na may COVID-19, sila ay dapat sumunod sa Paghihiwalay na Utos ng Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Mateo Blg. c19-6, na inilabas noong Abril 6, 2020, kasama ang "Mga Tagubilin para sa Paghihiwalay sa Tahanan" na nakapaskil sa www.smchealth.org/post/health-officer-statements-and-orders, at nakalakip sa Utos na ito bilang Appendix B.

7. Pagbubukod. Sa kabila nang nabanggit, ang mga manggagawa ng pangangalagang pangkalusugan at ang mga unang rumeresponde na mga manggagawa ng ahensya na mga miyembro ng sambahayan, mga nakakatalik, o mga tagapagbigay ng pag-aalaga sa isang taong may COVID-19 ay hindi sasailalim sa Utos na ito sa ilalim ng mga sumusunod na mga pagkakataon:

i) Ipagbibigay-alam ng manggagawa sa kanilang taga-empleyo ang tungkol sa malapitang pakikisalamuha ng manggagawa sa isang kasong nakumpirma ng isang laboratoryo;
ii) Ang manggagawa ay hindi nagpapakita ng sintomas, at natukoy ng taga-empleyo ng manggagawa, batay sa pangangailangan ng mga kawani, na ang manggagawa ay kailangan na pumunta sa trabaho; AT
iii) Ang manggagawa ay babalik sa pagtatrabaho.

8. Ang Opisyal ng Kalusugan ay maaaring gumawa ng karagdagang (mga) aksyon, na maaaring magsama ng sibil na pagkakakulong o pangangailangan sa isang tao na manatili sa isang pasilidad ng kalusugan o iba pang lokasyon, para maprotektahan ang kalusugan ng publiko kung ang isang indibidwal na sasailalim sa Utos na ito ay hindi makasusunod sa Utos na ito.

9. Ang Utos na ito ay magiging epektibo sa 12:01 am sa Abril 7, 2020 at magpapatuloy sa magiging epektibo hanggang ito ay bawiin, palitan, o baguhin sa pamamagitan ng pagsusulat ng Opisyal ng Kalusugan.

SAN MATEO COUNTY HEALTH
PUBLIC HEALTH, POLICY & PLANNING

10. Ang mga kopya ng Utos na ito ay dapat na agad na: (1) gawing magagamit sa 400 County Center, Redwood City, CA 94063; (2) nakapaskil sa website ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng County sa (www.smchealth.org/post/health-officer-statements-and-orders); at (3) ibibigay sa sinumang miyembro ng publikong humihingi ng kopya.

11. Kung alinman sa probisyon ng Utos na ito o sa aplikasyon nito sa sinumang tao o pagkakataon ay nakitang hindi balido, at ang paalala ng Utos na ito, kasama ang aplikasyon ng naturang bahagi o probisyon sa ibang mga tao o mga pagkakataon, ay hindi maaapektuhan at dapat na magpatuloy sa buong lakas at bisa. Dahil dito, ang mga probisyon ng Utos na ito ay mahihiwalay.

**ITO ANG INUUTOS:**

______- pinirmahan- ______________________ **Petsa:** Abril 6, 2020

Scott Morrow MD, MPH
Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Mateo

**Appendix A**: "Mga Tagubilin para sa Pagquarantine sa Tahanan"

**Appendix B**: "Mga Tagubilin para sa Paghihiwalay sa Tahanan"